

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-20 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 31 MAYO 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Mae Arlene M. Talens

KAPASYAHAN B.G. 040
Taong 1999

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. RODOLFO G. VALENCIA, GOBERNADOR NG SILANGANG MINDORO AT KAY POLICE SUPERINTENDENT AT PNP PROVINCIAL DIRECTOR ROMEO A. ADDURU NA MAPANATILI SA KANYANG KASALUKUYANG PUWESTO SI SPO2 RIZALINO M. LEOCADIO, JR., BILANG OIC HEPE NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- SAPAGKA'T si SPO2 Rizalino Leocadio, Jr. na nanunungkulan bilang OIC Hepe ng Pulisya ng bayang ito ay isa sa mga kapuri-puring alagad ng batas sa kanyang panunungkulan at pagpapatupad ng kaayusan at kapayapaan sa Roxas, Silangang Mindoro;
- SAPAGKA'T sa mga panahong dalawang ulit niyang panunungkulan bilang Officer-in-Charge ng Istasyon ng Pulisya ng bayang ito naipamalas niya ang tapang at tibay ng loob at disiplinang dapat taglayin ng isang puno ng nasabing tanggapan;
- SAPAGKA'T ang iligal na sugal gaya ng jueteng na isang malaking sakit ng lipunan na nagpapahirap sa mga mamamayan at hindi nagawang patigilin ng mga nakaraang naging hepe ng pulisya sa bayang ito ay lubos na naputol at napatigil ni SPO2 Leocadio at ng kanyang mga kasamahan;
- SAPAGKA'T ang iligal na droga na laganap sa bayang ito na bumibiktima sa maraming mamamayan at sumisira sa moral at pagkatao lalo't higit ng mga kabataan ay unti-unting nabuwag at napahina sa pagkakahuli at paghahain ng kaso sa hukuman sa mga nahuling nagtutulak at nagpapalaganap nito sa mga komunidad;
- SAPAGKA'T ang magandang nagawang ito ni OIC SPO2 Rizalino M. Leocadio, Jr. sa pagpapatigil ng jueteng at pagbuwag kundi man tuluyang pagsugpo sa droga ay lubos na kumikilala at pinasasalamatan ng mga mamamayan ng bayang ito na sa matagal na panahon ang mga kaanak ay nahulog din sa bisyong jueteng at nabiktima ng iligal na droga;

Siñel

[Signature]

[Signature]

- SAPAGKA'T ang ganitong uri ng pagseserbisyo ay maaari lamang magawa ng isang taong nagmamalasakit sa kanyang mga kababayan at may tunay at tapat na paglilingkod sa mga mamamayan;
- SAPAGKA'T ang mga namumuno ng bayang ito, bilang pagkilala sa kanyang mga magandang nagawa sa pagpapatigil ng jueteng at lotteng ay binigyan siya ng komendasyon sa Kapasyahan Blg. 052, taong 1998;
- SAPAGKA'T sa kanyang mabuti at magandang ginagawa nararapat lamang na makapagpatuloy siyang namumuno sa himpilan ng pulisya sa bayang ito at sa ganito ang mga namumuno at ang Sangguniang Bayan ay mapitagang humihiling kay Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia at kay Police Superintendent at Provincial Director Romeo A. Adduru na mapanatili sa kanyang kasalukuyang puwesto si SPO2 Rizalino M. Leocadio, Jr. bilang OIC ng Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Juan S. Advincula na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin kay Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia at kay Police Superintendent at PNP Provincial Director Romeo A. Adduru na mapanatili sa kanyang kasalukuyang puwesto bilang OIC Hepe ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro si SPO2 Rizalino M. Leocadio, Jr. para na rin sa ikabubuti ng serbisyo sa mga mamamayan.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia at kay Police Superintendent at Provincial Director Romeo A. Adduru para sa kanilang masusing pag-aaral at naaayong pagpapasya.


IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si SPO2 Rizalino M. Leocadio, Jr. para sa kanyang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 31 Mayo 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang/Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


SPO2 LEOCADIO


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan